THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

PNP PATROL Plan 2030 · OUR SHARED COMMITMENT

#PNPKAKAMPIMO

PHILIPPINE NATIONAL POLICE · SERVICE HONOR JUSTICE

Volume V No. 49* Disyembre 4-10, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# 3 ARESTADO SA 'BUY-BUST', PHP13.6M SHABU KUMPISKADO SA SULU



sundan sa pahina 3



## PUBLIC ANNOUNCEMENT!!!

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

**Alert Levels System for COVID-19 in the NCR Alert Level 2**

**Minimal on- site capacity**

(applying work from-home and other flexible work arrangements)

Allowed (50% on-site or venue/seating capacity)

**Activities and Establishment**

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## Mga armas at medical cache ng teroristang grupo, natuklasan ng mga alagad ng batas sa Balbalan, Kalinga

sundan sa pahina 10

## Php2M shabu, nasabat at 10 suspek, arestado sa Cainta, Rizal

sundan sa pahina 11



## PULISYAPEDIA

**Ano ang Republic Act 11313 o Ang Safe Spaces Act?**

Ang RA 11313 ay nilikha upang punan ang mga kakulangan ng Anti-Harassment Act kung saan kinikilala na rin nito na harassment ang mga akto na panggigiit sa pagitan ng mga magkaeskwela; trabahador sa kanyang amo; estudyante sa kapwa niya estudyante o estudyante sa kanyang guro; isang trainee sa kanyang trainer. Ito rin ay nagbibigay ng susundin na balangkas sa paglutas sa mga kaso ng harassment sa loob ng mga institusyon at nililinaw din ng batas na ito na ang sexual harassment ay nagaganap hindi lang sa loob ng eskwelahan at trabaho kung 'di ay nagaganap din ito sa mga pampublikong lugar.

## JOINT TASK FORCE CV SHIELD

COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495

SMART
09988490013

LANDLINE
(02)87253176

E-MAIL
ncovmonitoring@gmail.com




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

@pnp.pio | @pnppio | @pnp_pio | PNP PIO | www.pnp.gov.ph

## E - SUMBONG



*e - SUMBONG SMS Hotline*

SMART : 0919 1601 752

GLOBE : 0917 8475 757

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

**PGEN DIONARDO B CARLOS**

# Off-duty na pulis, agad rumesponde sa isang robbery hold-up

**Mabilis na rumesponde ang isang pulis na off-duty sa isang robbery hold-up bandang alas-10:00 ng umaga noong Disyembre 9, 2021 sa RMB Junkshop No. 22221, Palmario Compound, Lamesa Ugong, Valenzuela City na nagresulta sa pagkakadakip ng dalawang (2) Indian Nationals.**


Kinilala ang mga suspek na sina Manjot Singh Buttar, at Jagdeep Singh, parehong Indian National.

Sa ulat na isinumite ng NPD sa ilalim ng pamumuno ni PBGen Jose S Hidalgo Jr, ang biktima ay isa ring Indian National, nagtungo ito sa RMB Junkshop upang mangolekta ng bayad. Siya ay nilapitan ng mga suspek sakay ng Honda Click na kulay asul. Tinutukan siya ng baril at inutusan siyang ibigay sa kanila ang kanyang pera.

Natunghayan ni PCpl Christian Llagas Fernandez, nakatalaga sa DMFB QCPD, ang insidente at siya ay agad na umaksyon.


Bumunot ng baril ang suspek na si Manjot at itinutok ito sa nasabing pulis, umiwas at dumepensa naman si PCpl Llagas sa pamamagitan ng paghampas sa kaliwang paa ng suspek habang ang kasabwat ni Manjot ay naaresto naman ng mga rumespondeng pulis mula sa Police Sub Station 8.


Ang mga nasabing suspek ay nasa kustodiya na ng Valenzuela City Police Station para sa tamang disposisyon at dokumentasyon




Ang mabilis na pagkilos na ipinamalas ng ating pulis na si PCpl Llagas, bagamat delikado ay pinanindigan niya ang kanyang dedikasyon sa trabaho, nakauniporme man o hindi.

# Higit Php500K shabu, nasamsam sa magkahiwalay na operasyon kontra iligal na droga





**Kinumpirma ni PBGen Matthew P Baccay, Regional Director, Police Regional Office 3 na nakumpiska ang higit Php500k na halaga ng shabu at arestado ang dalawang (2) suspek sa naganap na magkahiwalay na buy-bust operation sa Pampanga noong Disyembre 9 at 10.**

Ipinahayag ni PBGen Baccay na ang Angeles City Police Office sa pamumuno ni PCol Rommel S Batangan at ng kanyang mga tauhan sa PS3 ay nagsagawa ng isang buy-bust operation sa District 5, EPZA, Brgy. Pulung Cacutud, Angeles City noong Disyembre 9 kung saan nagresulta ito sa pagkakaaresto ng isang (1) suspek na kinilalang si Reynaldo Deang y Macabanti, 44 taong gulang. Narekober na ebidensya mula kay Deang ay limang (5) plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu na tinatayang nagtitimbang ng 60 gramo at tinatayang nagkakahalaga ng Php408,000.

Samantala, nahuli rin ang isang (1) suspek sa ikinasang buy-bust operation ng mga tauhan ng PIU-PDEU ng Pampanga PPO sa ilalim ng pamumuno ni PCol Robin K Sarmiento, Acting PD noong Disyembre 10. Kinilala ang suspek na si Jennifer Parker y Matchado alias "Jen", 37 taong gulang. Nakuhang ebidensya mula kay Parker ay apat (4) na medium size plastik sachet ng hinihinalang shabu na may bigat na 20 gramo at nagkakahalaga ng Php136,000.

Nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 ang dalawang suspek.

# Kapulisan ng Capul, iniligtas ang mga tao mula sa lumubog na bangka



**Dahil sa panawagan ng isang concerned citizen, agad na rumesponde at iniligtas ng mga kapulisan ng Capul ang dalawang tao na nagpalutang-lutang kasama ang kanilang lumubog na bangka sa karagatan ng Sitio Talugaan, Capul, Northern Samar noong Disyembre 6, 2021 ng hapon.**

Kinilala ang mga iniligtas na sina Joey Devara, 58 taong gulang, may asawa, isang construction worker at si Jose Franco, 13 taong gulang, walang trabaho, parehong nakatira sa Sitio Barayong, Barangay Landusan, Capul, Northern Samar.

Ayon kay Mr. Devara, galing sila sa San Isidro, Northern Samar. Umalis sila bandang ala-una ng madaling araw ng ika-6 ng Disyembre at naglayag papuntang Capul Northern Samar. Hindi na gumana ang makina ng kanilang bangka at dahil pa sa masamang panahon ay nagresulta ito ng kanilang paglubog.


Ang mga nagligtas sa kanila ay mga tauhan ng Capul Municipal Police Station, Northern Samar Provincial Police Office sa pangunguna ni PSSg Joey M Magloyuan sa ilalim ng pangangasiwa ni PLt Eliezer P Arancillo Jr, Officer-In-Charge, kasama ang mga tauhan ng Municipal Disaster Risk Reduction and Management Office (MDRRMO) - Capul.

Pinapapurihan naman ni PBGen Rommel Bernardo A Cabagnot, Regional Director ng PRO 8 ang rumespondeng tauhan ng Capul MPS sa kanilang agarang aksyon.

"Ang inyong mabilis na pagresponde ang siyang nakapagligtas sa dalawang tao na nangangailangan ng inyong tulong. Maraming salamat sa maayos na gawain na inyong ipinamalas," saad ni PBGen Cabagnot.

Ang mga nailigtas ay nasa pangangalaga na ngayon ng Brgy. Officials ng Brgy. San Luis, Capul Northern Samar.

# 3 arestado sa 'buy-bust', Php13.6M shabu kumpiskado sa Sulu




**Matagumpay ang ikinasang drug buy-bust operation ng pinagsamang pwersa ng Police Regional Office Bangsamoro Autonomous Region (PRO BAR), Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA), Criminal Investigation and Detection Group (CIDG), Regional Intelligence Unit (RIU), Special Action Force (SAF) at Anti-Kidnapping Group (AKG) na nagresulta sa pagkaaresto ng mga drug peddlers at nasabat ang Php13.6 milyong halaga ng iligal na droga noong Disyembre 4, 2021 sa Indanan, Sulu.**

Naaresto at kinilala ang mga suspek na sina Ilahan Sabdain Yahya, 48 taong-gulang, Muride Jarih Ahajan, 31 taong-gulang at Elwina Hamidan Unaid, 24 taong-gulang, pawang mga residente ng Sulu.

Nakuha sa mga suspek ang dalawang (2) kilo ng Shabu na may Standard Drug Price (SDP) na Php13.6 milyon, isang (1) piraso ng Php1,000 na nakalagay sa ibabaw ng labing-isang (11) bugkos ng photocopied na Php1,000 bill na sa kabuuan ay nagkakahalaga ng Php1,100,000 kung saan ay nakasilid sa isang (1) itim na plastic bag at hinihinalang gagamitin sa transaksyon.

Nakapiit ang mga naarestong suspek sa Indanan Municipal Police Station para sa pormal na pagsasampa ng kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002. Samantala, dinala naman ang mga nasamsam na ebidensya sa PDEA para sa laboratory examination.

Pinuri ni Police Brigadier General Eden T Ugale, Regional Director, PRO-BAR ang mga operating personnel at units sa matagumpay na operasyon na ito laban sa iligal na droga sa kanilang nasasakupan.

"I congratulate the operating units for this successful operation. Ang magandang kooperasyon at koordinasyon natin ang isa sa naging daan upang masabat ang nasabing dami at halaga ng hinihinalang shabu. Panatilihin natin ang ugnayan at pagsasanib puwersa sa ating kampanya laban sa iligal na droga, kriminalidad, at terorismo tungo sa mapayapa at ligtas na Bangsamoro Region," saad ni Police Brigadier General Ugale.

## Higit Php1M marijuana sa Benguet, sinunog




**Sinunog ng mga kapulisan ang nadiskubreng mga halamang marijuana na nagkakahalaga ng Php1,140,000 sa Kibungan at Bakun, Benguet noong Disyembre 6 at 7, 2021.**

Sa magkahiwalay na operasyon, ang mga operatiba ng 1st Benguet Provincial Mobile Force Company (PMFC) ay nagsagawa ng operasyon sa kabundukan ng Kibungan. Nadiskubre nila sa isang communal forest sa Sitio Lanipew, Tacadang ang mga 4,200 piraso ng fully grown na halaman ng marijuana na nagkakahalaga ng Php840,000.

Samantala, ang pinagsamang operatiba ng Bakun Municipal Police Station (MPS), Provincial Intelligence Unit (PIU), at Drug Enforcement Unit (DEU) - Benguet ay nagsagawa din ng operasyon sa kabundukan ng Bakun na nagresulta sa pagkakadiskubre ng isa pang plantasyon ng marijuana na may tinatayang 300 metro kuwadradong lupain na nilinang na may kabuuang 1,500 piraso ng fully grown marijuana plants na may halagang Php300,000 sa Sitio Talalang, Kayapa.

Layon ng operatiba na ikutin nila ang mga kabundukan sa Benguet upang matukoy ang plantasyon ng mga marijuana. At ito ay kanilang bunutin at sunugin upang walang buhay na mapapariwara sa halaman na ito.

# Php8.5M Ecstacy, nasabat sa Las Piñas City



**Inanunsyo ni NCRPO-PMGen Vicente D. Danao, Jr. na ang nagsanib na operasyon ng PDEA RO III - Pampanga PO, PDEA RO- III PDEA Clark Inter Agency Drug Interdiction Task Group, Bureau of Customs, Port of Clark, PDEA RONCR SDO, CSDEU kasama ang Las Piñas City Police Station, DDEU-SPD at DID-SPD ay nagresulta sa pagkakasabat ng 4,970 tablet ng MDMA na mas kilalang ecstasy sa isang Controlled Delivery Operation noong Disyembre 7, 2021 sa Manila Doctor Villlage, Almanza Uno, Las Piñas City.**

Sa ulat na isinumite ni PBGen Jimili L. Macaraeg, District Director, Southern Police Director, kinilala niya ang suspek na si Ana Fe Morilla a.k.a Jonah Ileve y Cabanilla, residente ng Guava St. CAA PH2, Las Piñas City.

Ang ginawang controlled delivery operation ay sinimulan ng PDEA kung saan ang inaresto ay nagpakita ng ID na may gawa-gawang pangalan at pinirmahan ang delivery receipt at matapos ay tinanggap ang kahong pakete sa agent ng PDEA na nagkunwaring taga-deliver ng isang courier service na nagresulta sa pagkaaresto sa suspek.

Nakumpiska sa suspek ang package na may 4,970 piraso ng ecstasy na may street value na Php8.5 million, isang (1) cellular phone at dalawang (2) ID.

Ang mga nakuhang piraso ng ebidensya ay minarkahan at inimbentaryo sa harap ng barangay official at kinatawan ng media kasama ang inarestong suspek. Matapos ay dinala sa opisina ng PDEA office para sa wastong dokumentasyon at kasong paglabag sa RA 9165 ang isasampa laban kay Morilla.

"Ang aking papuri sa matagumpay operasyon sa pagkakasabat sa illegal substance na nangangahulugang nailigtas natin ang buhay ng mga target user lalo na ang mga kabataan. Sa ating mga katuwang at partner na ahensya, magtiwala kayo sa aming patuloy na pakikipag-ugnayan at lubos na suporta sa pagpapatupad ng aming mandato sa pagtanggal ng iligal na droga sa bansa," ani PMGen Danao. *(NCRPO-PIO / NUP Loreto B. Concepcion)*



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## Puspusang paghahanda para sa ligtas at mapayapang Kapaskuhan

Ramdam na ng bawat isa ang Kapaskuhan. Mababakas natin ito sa magagandang palamuti at pailaw ngayong holiday season. Kahit tayo dito sa ating mga kampo ay nakikiisa rin sa pagdiriwang ng isa sa pinakamasaya at pinakamahabang selebrasyon kada taon. Kasabay din nito ang pagiging abala ng karamihan para sa kanilang panghanda at pangregalo para sa buong pamilya at mga kaibigan.

Dagsa na rin ang mga tao sa mga pamilihan, pasyalan at kainan. Marami na rin ang nagsisipag-uwian sa kani-kanilang probinsya para makasama ang kanilang mga mahal sa buhay. Ganito ang sitwasyon natin tuwing 'ber months'. Ika nga, wala pa rin katulad ang Pasko sa 'Pinas.

Bagaman abala ang lahat para sa kani-kanilang selebrasyon, nakahanda at naka-alerto naman ang inyong Pambansang Pulisya upang magbigay seguridad at magpanatili ng kaayusan at katahimikan sa inyong mga lugar. Mas marami tayong pulis na itatalaga sa mga mataong lugar upang tumugon sa inyong mga pangangailangan lalo na sa usapin ng katahimikan.

Ganun pa man, bibigyan din naman natin ng sapat na oras ang ating mga kasamahang pulis na makapagdiwang ng kapaskuhan kasama ang kani-kanilang mga pamilya nang hindi maapektuhan ang tungkulin bilang mga pulis.

Inatasan na natin ang Directorate for Personnel and Records Management na hanapin ng paraan o work arrangement na kung saan ang mga pulis ay makapagdiwang pa rin ng kapaskuhan kasama ang kanilang pamilya na magtutuloy-tuloy pa rin ang kanilang pagduty malapit sa kanilang mga lugar. Ide-deploy natin ang mga pulis malapit sa mga lugar kung saan naroroon ang kanilang pamilya upang pagkatapos ng duty ay makakauwi rin agad sila upang makasama ang kanilang mga mahal sa buhay.

Samantala, pinapaalalahanan din natin ang ating mga kasamahang pulis na mas paigtingin ang pagpapatupad ng iba't ibang operational guidelines para sa ligtas at tahimik na pagdiriwang ng Yuletide season, kabilang ang paggamit ng mga paputok at pag-iwas sa indiscriminate firing. Inutusan na natin ang mga hepe na makipag-coordinate sa local government units at iba pang ahensya ng gobyerno para magbabantay at magmomonitor sa mga designated firecracker zones.

Patuloy din tayo sa pagsasagawa ng mga inspection sa mga manufacturer at retailer ng mga paputok na huwag masasangkot sa pagbebenta ng mga ipinagbabawal na uri ng paputok.

Karagdagan ding paalala sa ating mga kasamahang pulis na huwag masasangkot anumang iligal na aktibidad o gawain kabilang ang indiscriminate firing, "no take policy", at ipinagbabawal na aktibidad ayon sa isinasaad ng "Code of Conduct and Ethical Standards for Public Officials and Employees".

Hinihikayat natin ang publiko na ipagbigay alam sa ating himpilan ang mga hindi magagandang gawain ng pulis sa inyong lugar. Bukas 24/7 ang ating mga istasyon at hotline numbers E-SUMBONG sa 09178475757 o 09191601752.

# EDITORYAL

## Anti-Terrorism Law, malaking tulong para sa pagsulong ng kapayapaan

Ang Marawi Siege at communist insurgency ang nagmulat sa mamamayang Pilipino na ang terorismo ay isang karimarimarim na krimen laban sa sangkatauhan na walang anumang ideolohiyang pampulitika at paniniwala sa relihiyon. Ang epekto nito sa panlipunan, pampulitika at pang-ekonomiyang kaayusan ng mundo ay hindi na maaaring balewalain at dapat na matugunan sa pinakamadaling panahon.

Kaya naman maituturing na tagumpay at malaking tulong hindi lamang sa hanay ng gobyerno kundi sa lahat ng sektor ng komunidad na nagtutulong-tulong upang wakasan ang higit na limang dekadang karahasan at kaguluhan na idinudulot ng mga Communist Terrorist Group (CTG) ang kumakailang inilabas na desisyon ng korte suprema kung saan idineklara nitong "constitutional" ang Republict Act (RA) 11479 o Anti-Terrorism Law (ATA) of 2020. Ito ay kahit pa dalawa sa probisyon nito partikular ang section 4 at 25 ay idineklara namang "unconstitutional."

Layunin ng batas na ito na protektahan ang buhay, kalayaan at ari-arian mula sa terorismo; para kondenahin ang terorismo bilang pangunahing banta sa kapayapaan at seguridad ng bansa at kapakanan ng ating mga kababayan at upang ituring na krimen laban sa sambayanang Pilipino, laban sa sangkatauhan at laban sa batas ng mga bansa ang anumang uri ng terorismo.

Bunsod nga nito, magiging puspusan na ang pagsasagawa ng PNP ng mga programang may layuning maagang iwasan at sugpuin ang marahas na ekstremismo o violent extremism sa pamamagitan ng pagtugon sa mga kondisyon na siyang nagiging sanhi ng paglaganap ng terorismo tulad na lamang ng diskriminasyon sa etniko, relihiyon at bansa; kawalang kasiyahan sa sosyo-ekonomikong aspeto ng bansa, mga tunggalian sa bawat komunidad na matagal nang hindi pa naaayos at iba pa.

Kaalinsabay nito ay paiigtingin naman ang implementasyon ng mga programang tutuon sa pagtanggi sa mga teroristang grupo ng anumang opurtunidad upang magsagawa ng anumang pag-atake o pagdudulot ng kaguluhan o karahasan sa mga pamayanan. Ito ay sa pamamagitan ng pagbalangkas sa mga naaangkop na tugon na nakasentro sa malawakang pakikipag-ugnayan at talakayan sa lahat ng sektor n gating komunidad.

Tinitiyak naman ng PNP na ang batas na ito ay hindi magiging paksa ng anumang pang-aabuso dahil malinaw na ang isang simpleng pagpapahayag ng adbokasiya o hindi pagsang-ayon o iba pang katulad na paggamit ng mga karapatang sibil at pampulitika ay hindi itinuturing na mga gawaing terorista kaya nga ang kalayaan sa pagpapahayag ay itinataguyod at lubos na iginagalang.

Ang Anti-Terrorism Law ang magbibigay sa pambansang pulisya ng Pilipinas at iba pang unipormadong ahensya ng gobyerno na nagpapatupad ng batas ng kinakailangang tulong upang maipatupad ang buong puwersa ng batas sa sinumang indibidwal o grupo na gumagawa ng mga gawaing terorista. Habang naghahanda ang PNP na labanan ang terorismo sa gitna ng isang pandemya, hinihiling nito ang lahat ng Pilipino na magkaisa habang upang masiguro ang kapayapaan at pagbangon para sa bansa.



# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## Aktibong kaso ng COVID-19 sa PNP, 34 na lang

As of December 7, 2021 ay nasa 34 na lang ang aktibong kaso ng COVID-19 sa hanay ng Pambansang Pulisya, ito ay ayon sa opisyal na talaan ng PNP Health Service.

Sa regular na pagpupulong ng Joint COVID Shield Task Force Critique Sessions (JTF CV) ay muling binigyang-diin ni PCol Jezebel Medina, Deputy Director for Operations, PNP Health Service, magandang balita anya dahil sa patuloy na pagbaba ng mga naitatalang kaso ng ating mga pulis na tinatamaan ng salot na virus. Kaya naman, sa kabuuang bilang ay umabot na sa 42,216 katao ang tinamaan ng COVID-19 sa Pambansang Pulisya, pero nasa 42,057 katao ang nakarekober na. Ibig sabihin ay nasa 34 na lamang ang mga aktibong kaso na kung saan sila ay patuloy na nagpapagaling sa iba't-ibang mga quarantine health facilities sa buong bansa. Pero nakalulungkot pa rin dahil nasa 125 naman ang mga namatay o sumakabilang buhay.

Sa mga miyembro naman ng ating Pambansang Pulisya na nabakunahan o fully vaccinated ay umabot na sa 212,355 katao ang tumanggap ng vaccine. Sa mga tumanggap naman ng 1st dose ay umabot na sa 11,466 katao; habang nasa 1,771 katao naman ang hindi pa nakatatanggap ng bakuna o not vaccinated dahil naman sa iba't-ibang mga kadahilanan. Ang nasabing bilang ay mula sa opisyal na talaan ng PNP CODA na may 225,592 total strength ng ating mga PNP Uniformed and Non-Uniformed Personnel sa buong bansa.

Umaasa naman si Deputy Chief PNP for Operations (TDCO) at JTF CV Shield Commander, PLtGen Ephraim Israel Dickson, na sa darating na mga araw ay tuluyan ng bababa ang mga naitatalang kaso ng COVID-19 dahil na rin sa kampanya at programa ng ating gobyerno partikular ang mass vaccinations, laging paghuhugas ng alcohol, pagsusuot ng face mask, at tamang distansiya o social distancing ng bawat isa.


# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN BARTOLOME R. BUSTAMANTE**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL AIZA ZITA S. SAN ANTONIO**

*Managing Editors*
**PCOL BOOTS M. ASEO**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

**AGSPRINTADD**
*Publisher*



Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Ang Pasko...

Mapagpalang araw po sa inyong lahat. Purihin ang Panginoong Diyos sa Kanyang patuloy na gabay at patnubay sa ating lahat. Ilang araw na lang at magsisimula na ang "Simbang Gabi", maaaring virtual or face to face. Pangalawang taon na suot pa rin ang face masks at naka social-distancing.

Kahit na tayo ay nasa panahon ng pandemya ay hindi tayo mapipigilan na ipagdiwang ang araw ng "Pasko".

Ang ganda ng tanawin sa paligid, ang mga parol at Christmas Lights sa bawat bahay, sa mga kalye at mga simbahan. Ang masisiglang pamaskong awit at palitan ng regalo. Sa mga bata ay nasasabik sa regalong ibibigay ni ninong at ninang. Sa bansang Europa at ibang bansa, ang buwan ng Disyembre ay panahon ng pag-ulan ng yelo (snow).

Nakakalungkot isipin na ang tunay na mensahe ng Pasko ay marami nang nakakalimot at napalitan ng pagiging materyalismo. Mayroong nagsabi na hindi masaya ang Pasko dahil walang masarap na pagsasaluhan sa Noche-Buena at walang natanggap na regalo. May mga nagnanakaw para mayroong pang-regalo at masarap na pagkain sa Pasko. May mga nagkakasakitan dahil nalasing sa Christmas Party.

Ano ang mensahe ng Pasko?

"Doon ay may mga pastol na nasa parang at nagbabantay ng kanilang mga tupa nang gabing iyon. At tumayo sa harapan nila ang isang anghel ng Panginoon at nagliwanag sa kapaligiran nila ang kaluwalhatian ng Panginoon. Ganoon na lamang ang kanilang pagkatakot. Ngunit sinabi sa kanila ng anghel, "Huwag kayong matakot! Ako'y may dalang magandang balita para sa inyo na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. Isinilang sa inyo ngayon sa bayan ni David ang Tagapagligtas, ang Cristong Panginoon. Ito ang inyong palatandaan: matatagpuan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin at nakahiga sa isang sabsaban." Biglang lumitaw kasama ng anghel ang isang malaking hukbo ng mga anghel sa kalangitan. Sila'y nagpupuri sa Diyos at umaawit, "Papuri sa Diyos sa kaitaasan, at sa lupa ay kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya!" Nang makaalis na ang mga anghel pabalik sa langit, ang mga pastol ay nag-usap-usap, "Tayo na sa Bethlehem! Tingnan natin ang pangyayaring ito na ibinalita sa atin ng Panginoon." Nagmamadali silang pumunta roon at natagpuan nila sina Maria at Jose, at naroon ang sanggol na nakahiga sa sabsaban. Nang makita ng mga pastol ang sanggol, isinalaysay nila ang sinabi ng anghel tungkol dito. Namangha ang lahat ng nakarinig sa sinabi ng mga pastol. Tinandaan ni Maria ang mga bagay na ito, at ito'y kanyang pinagbulay-bulayan. Umalis ang mga pastol na nagpupuri sa Diyos at nagpapahayag ng kanyang kadakilaan dahil sa lahat ng narinig nila at nakita, ayon sa sinabi sa kanila ng anghel."

Lucas 2:8-20 (MBB)

Ang mensahe ng Pasko ay ipinahayag sa mga pastol:

1. Ang Pasko ay pagsilang ni Jesus ang Tagapagligtas at Cristong Panginoon.
2. Ang Pasko ay mensahe ng pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan.
3. Ang Pasko ay mensahe na kagalakan at kapayapaan sa lahat ng tao.

Ipagdiwang natin ang Pasko ng simple at payak, taglay ang pusong nagpapasalamat dahil sa pag-ibig ng Panginoong Diyos. Naranasan natin ang kaligtasan at buhay na walang-hanggan. Nawa ay manatili sa ating puso ang tunay na "Diwa ng Pasko."

Salamat po Panginoon! Sa panahon ng pandemya ay hindi Mo kami pinabayaan. Dalangin namin na patuloy naming maranasan ang Iyong banal na presensiya sa aming buhay.

## Babaeng Most Wanted at dating miyembro ng CTG, arestado sa kasong Multiple Attempted Homicide




**Arestado ang isang babaeng Most Wanted at dating miyembro ng Communist Terrorist Group (CTG) matapos ang matagumpay na operasyon laban sa suspek ng pinagsamang tauhan ng Laak Municipal Police Station, Provincial Intelligence Unit Davao De Oro Police Provincial Office (PIU-DOPPO), at 2nd Davao De Oro Provincial Mobile Force Company sa Monkayo Davao de Oro noong Disyembre 10, 2021.**

Inihain ang warrant of arrest sa pagtutulungan ng tauhan ng Laak Municipal Police Station sa pangunguna ni PLtCol Jerry T Cabag, Officer-in-Charge, kasama ang mga tauhan ng Provincial Intelligence Unit Davao De Oro Police Provincial Office (PIU-DOPPO) sa ilalim ng pangangasiwa ni PLtCol Clifford John Nabor, Chief PIU DOPPO at PLtCol Yamcee Butch S Golocan, Force Commander 2nd Davao De Oro Provincial Mobile Force Company.

Ang suspek ay kinilalang si alyas "Lanie", 34 taong-gulang, walang asawa, residente ng Brgy. Sabud, Laak, Davao de Oro.

Si alyas "Lanie" ay dating miyembro ng Dismantled Guerilla Front 33 bilang isang medic at may kasong Multiple Attempted Homicide na may Criminal Case no.1075 dated October 28, 2020 na inilabas ni Hon. Maria Sophia T. Palma Gil-Torrejos, Presiding Judge ng 11th Judicial Region, Municipal Trial Court Laak, Laak, Davao de Oro.

Nasa kustodiya na ngayon ng 25th Infantry Batallion Philippine Army, Monkayo, Davao de Oro ang suspek para sa tamang disposisyon.

## Top 2 Most Wanted Person ng Pamplona, Camarines Sur, nahuli ng PNP Anti-Kidnapping Group





**Naaresto ang Top 2 Most Wanted Person ng Pamplona sa pamamagitan ng Intelligence-Driven police operations na inilunsad ng Philippine National Police Anti-Kidnapping Group (PNP-AKG) sa pakikipag-ugnayan sa National Capital Region Police Office (NCRPO) at Pamplona Municipal Police Station sa Molino, Cavite bandang alas-singko ng hapon noong Disyembre 6, 2021.**

Nadakip ang suspek na si Salvador Ariston Notario na gumagamit ng pekeng pangalan na "Sherwin O Metillo", tubong Pamplona, Camarines Sur at lumipat sa Bacoor, Cavite matapos halayin ang isang menor-de-edad sa kanyang tirahan sa Zone 6, Sitio Biton, Barangay San Gabriel, Pamplona, Camarines Sur noong 2019.

Naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong rape na inisyu ni Judge Valentin E. Pura Jr ng Regional Trial Court 5th Judicial Region, Branch 28, Naga City noong February 26, 2020 na walang inirekomendang piyansa.

Ang suspek ay nasa pansamantalang kustodiya na ng PNP-AKG.

Ang pagkakahuli sa suspek ay isa lamang sa mga puspusang operasyon na isinasagawa ng Pambansang Pulisya upang masawata at mapanagot ang mga may sala at nagtatago sa batas upang sa gayon ay mabigyang hustisya ang mga naging biktima nito.



# Pangasinense, napasaya ng Duterte Legacy: BARANGAYanihan Caravan

**Tuwa at kasiyahan ang naramdaman ng mga residente sa lungsod ng Mabini, Pangasinan, matapos makatanggap ng tulong mula sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan sa pamamagitan ng Duterte Legacy: BARANGAYanihan Caravan Towards National Recovery noong Desyembre 7, 2021.**

Pinangunahan ni Police Major General Bartolome R Bustamante, Director for Police Community Relations ang nasabing aktibidad at binigyan diin niya na ang layunin ng programa ay maipadama ang malasakit ng gobyerno sa nasabing bayan.

"Ang mga ahensya ng gobyerno ay nagsama-sama para madala sa mismong kababayan ang mga serbisyo para maramdaman ang malasakit ng gobyerno," pahayag ni PMGen Bustamante.

Higit kumulang 2,000 residente sa 16 na Barangay ng Mabini, Pangasinan ang nabiyayaan ng iba't ibang tulong mula sa ahensya ng gobyerno.

Tumanggap ang mga residente ng libreng bitamina, gamot, relief packs, goods, mga pananim at iba't ibang serbisyo ng mga ahensya ng gobyerno.

Itinurn-over din ang mga handheld radio device at megaphone sa 16 barangay captains habang ang Brgy. Barlo ay nakatanggap ng solar lights.

Kasama sa nasabing aktibidad sina Police Brigadier General Eric E. Noble, Director for Police Community Affairs and Development Group; Police Brigadier General Emmanuel Peralta, Regional Director, Police Region Office 1; Police Colonel Richmond Tadina, Provincial Director Pangasinan at Mayor Ariel De Guzman.














# Project SUBLI o Sarili mo ay Uusad, pangkaBuhayang Laan na aming Igagawad ng Isabela PMFC handog para sa mga dating kasapi ng Teroristang Grupo



**Matagumpay na ginanap muli ang PROJECT SUBLI o Sarili mo ay Uusad, pangkaBuhayang Laan na aming Igagawad ng Isabela Provincial Mobile Force noong Disyembre 3, 2021 sa Community Center, Barangay Caligayan, Tumauini, Isabela.**

Tampok sa nasabing aktibidad ang paggawad ng certificate sa mga SUBLI cooperative participants na nakapagtapos sa 2-day TESDA livelihood training na nagsimula noong Nobyembre 25-26, 2021.

Ang Project SUBLI ay inisyatibo ng Isabela Provincial Mobile Force sa pamumuno ni PLtCol Jeffrey Raposas, Force Commander, na handog para sa mga dating rebelde na nagbalik-loob sa pamahalaan.

Kasabay ng naturang programa, ang pagkondena ng 200 na dating miyembro ng Asosasyon dagiti Mannalon na Kababaihan ti Isabela (AMBI) ang mga teroristang grupo. Gayundin, nagbahagi ng testimonya ang apat (4) na dating miyembro nito.

Samantala, nanumpa rin ang opisyales ng SUBLI Women's Cooperative bilang pagpapakita ng tuluyang pagtalikod sa teroristang grupo.

Nakatanggap din ang mga residente ng mga libreng eye glasses, food packs, health kits, bitamina at gamot.

Isinagawa rin ang Oplan Visa Registration; libreng medical, dental, at eye check-up; libreng gupit, manicure at pedicure; at feeding program.

Pinangunahan ni PCol Aden Lagradante, Regional Chief of Staff, Police Regional Office 2 at PCol James M Cipriano, Provincial Director, IPPO ang nasabing aktibidad katuwang ang Isabela Officers Ladies Club, 142SAC 14SAB PNP-SAF, 86th at 95th Infantry Battalion, lokal na pamahalaan ng Tumauini; Department of Health, TESDA, Social Security System, Department of Trade and Industry, Department of Social Welfare and Development, Information Office and Tourism, Civil Registrar Office, LGU Cooperative Office, General Service Office, Agri Valley Integrated Farm, RHU Tumauini, SUBLI Women's Cooperative, NGO Sector-Municipal Advisory Group for Police Transformation and Development, at National Coalition of Lingkod Bayan Advocacy Support Group and Force Multipliers.

Isa itong patunay na seryoso ang gobyerno na mabigyan ng tulong ang mga kapatid nating nagnanais sumuko at magsimulang muli kapiling ang kanilang pamilya at mga mahal sa buhay.



# Nasa Pagbasa ang Pag-asa



**“Karunungan ang makakatulong sa pag-angat ng isang kabataan; Karunungang mag-aahon sa Kahirapan, Kahirapan na nagiging inspirasyong upang magsumikap para sa magandang kinabukasan.”**

Isang proyekto ng Isabela Police Provincial Office (IPPO) ang Project A.K.L.A.T o Adhikaing Gabayan ang mga Kabataan at Linangin ang kanilang Kaisipan Tungo sa Magandang Kinabukasan na naglalayong makapagbigay ng mga gamit na makakatulong upang madagdagan ang kaalaman ng mga kabataan.


Kaya naman, ang Police Regional Office 2 sa pamamagitan ng mga Kapulisan ng Regional Community Affairs and Development Division; Isabela PPO katuwang ang Sierra Falcones at lokal na pamahalaan ng Lungsod ng Ilagan ay nagbahagi ng mga Libro para sa mga kabataan ng Barangay Capellan, Tangcul at Sta Catalina, Ilagan City, Isabela kahapon, Disyembre 8.


Kasabay ng Turn-over ay ang ribbon cutting sa tatlong mini-library sa mga nabanggit na barangay.


Nagkaroon rin ng feeding program at pamamahagi ng facemasks, assorted candies, chocolates at tsinelas sa mga batang dumalo sa aktibidad.


Ang aktibidad ay nag-iwan ng ngiti at saya sa mga residente.






# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Pagpupugay para sa PNP COVID-19 Frontliners

Iligtas at bigyan ng proteksyon laban sa mapamuksang kaaway ang mamamayan. Ito ang karagdagang misyon ng mga kasapi ng Philippine National Police (PNP). Ang COVID-19 pandemic ay mapanganib at mapaminsala, bukod pa dito ang Delta at Omicron Variants na kinatatakutan ng lahat dahil sa mabilis makahawa. As of December 7, 2021, mayroon nang 49,499 katao ang namatay at may 2,835,154 na Pilipino na ang direktang tinamaan ng kamandag ng COVID-19.

Ang pangamba at agam-agam na bumabalot sa ating mga dibdib ay dahil sa hindi natin nakikita ang mga kaaway na ito. Mas mainam pa ang makipaglaban sa mga manliligalig sa kabundukan at kalunsuran subalit ang pakikipaghamok sa mga hindi nakikitang virus ay napakahirap, maging ang ating pamilya at mga mahal sa buhay ay maaari nating mahawaan.

Gayunpaman, ang takot na bumabalot sa ating isip ay hindi dapat na mamayani. Kapag tayo ay nag-alinlangan at nagpabaya sa ating mga tungkulin na ipatupad nang maayos ang mga hakbangin sa pagmamantine ng mga Quarantine Controlled Points at ng General Community Quarantine; lalaganap ang paminsala ng COVID-19. Maraming Pilipino ang masasawi at babagsak ang ekonomiya ng ating bansa na magdudulot nang ibayong kahirapan at kaguluhan.

Sa labanang ito, sa digmaang isinusulong ng ating pamahalaan upang maging ligtas ang ating mamamayan, tayong mga Pulis ang nasa frontline upang magpatupad nang kaayusan at katahimikan.

Kapalit nito ay ang ibayong sakripisyo, ang pagiging malayo sa ating mga mahal sa buhay at exposure sa hindi nakikitang virus ng COVID-19.

Batay sa record ng Philippine National Police as of December 7, 2021, mayroon nang 42,216 na pulis ang kinapitan ng COVID-19 at 125 naman nating kasamahan ang nasawi. Sa kabila nang panganib ng exposure sa virus, sinusuong natin ang kapahamakan upang mailigtas ang mamamayan na ating pinaglilingkuran.

Sa ating mga kapatid na Pulis at Frontliners, laban lang! Mahigpit nating ipatupad ang mga ordinansa at health protocols upang matigil ang pagkalat ng virus at mailigtas ang mamamayan laban sa kamandag ng COVID.

Ang kaligtasan ng mamamayan ay nasa ating mga kamay! Magsikhay, magpunyagi at magpatuloy sa ating aktibong laban kontra COVID-19!

## Rank 10 City Level Most Wanted, arestado

**Iniulat ni Laguna Police Acting Provincial Director, PCol Rogarth Bulalacao Campo kay CALABARZON Regional Director, PBGen Eliseo DC Cruz ang pagkaka-aresto sa Rank 10 Most Wanted Person City Level sa krimeng Acts of Lasciviousness kaugnay sa RA 7610 sa Sta Rosa City, Laguna.**


Kinilala ni PCol Campo ang akusado na si Donato Fulla Baya, 53 taong gulang, may asawa, at kasalukuyang residente sa Purok 5, Brgy. Sinalhan, Sta. Rosa City, Laguna.

Sa ulat, napag-alamang noong December 6, 2021, nagsagawa ang warrant personnel ng Sta Rosa City Police Station, sa pangunguna ni PMaj Reden B. Valdez, Chief, Warrant, sa ilalim ng direct supervision ni PLtCol Paulito M. Sabulao, OIC, ng operasyon laban sa most wanted person kaugnay ng Oplan Manhunt Charlie sa Brgy. Tagapo, Sta. Rosa City, Laguna, na nag-uwi sa pag-aresto sa suspek.

Ang akusado ay inaresto sa bisa ng warrant of arrest na inilabas ni Hon. Gil Jude Franco Sta. Maria Jr., Presiding Judge, Regional Trial Court Branch 102, Sta. Rosa City, Laguna, para sa krimeng Acts of Lasciviousness kaugnay sa RA 7610 at may piyansang Php180,000.

Kasalukuyang nasa kustodiya ng Sta. Rosa City Police Station ang akusado. *(Laguna PPO-PIO /Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# Murder suspect, arestado sa Isabela




**Nagsagawa ng intel monitoring ang mga tauhan ng Tumauini Police Station, Isabela noong Disyembre 3, 2021 sa Purok 3, Barangay Lanna, Tumauini, Isabela na nagresulta sa pagkakaaresto sa tinaguriang Top 5 Most Wanted Person ng Cagayan Valley.**

Kinilala ang suspek na si Esteban Baccay, 59 anyos, isang magsasaka at residente ng Barangay Lanna, Tumauini, Isabela.

Nadakip sa bisa ng Warrant of Arrest ang suspek na inilabas ni Acting Presiding Judge Dennis A. Mendoza ng Regional Trial Court Branch 22 para sa kasong Murder (2 counts) sa ilalim ng Criminal Case Number 22-4435 at 22-4436 na walang rekomendadong piyansa.

Agad dinala si Baccay sa himpilan ng Tumauini Police Station para sa kaukulang dokumentasyon at tamang disposisyon.


# Top 1 Most Wanted sa Zamboanga Sibugay, arestado sa Quezon City

**Arestado ang tinaguriang TOP 1 Most Wanted Person sa Zamboanga Sibugay makaraang masakote ng mga operatiba ni PBGen Leo Francisco, District Director ng Manila Police District sa pinalawig na intelligence driven Oplan Saliksik at Pagtugis ng DID-SOT-MPD sa No. 95 Adelta St. Brgy Culiat Visayas Avenue, Quezon City.**


Ayon sa ulat, sa pangunguna ni PLt Gilbert C Doman at sa pangangasiwa ni PCol Levi Hope B Basilio C, DID, MPD katuwang si PLt Romulo Lampauoag, OIC, Diplahan MPS, Provincial Inteligence Team, RIU-9, PNP-IG, RID-9, at PLt Marcial L. Sibal, PCP- 1 Commander, PS-14, QCPD, timbog ang suspek na si Gilbert Baclas y Mirallosa sa kasong RAPE (3) counts sa serbisyo ng Warrant of Arrest na inissue ng RTC Br. 31, Imelda Zamboanga Sibugay na walang rekomendadong piyansa.

Kasalukuyang nakapiit sa DPIOU detention cell ang nadakip na suspek.

Matagumpay na operasyon at masigasig na pagtugis laban sa mga Most Wanted Person na muli ang ipinamalas ng ating mga kapulisan.




# 3 Most Wanted, timbog sa kampanya ng NCRPO




**Nakapaglatag ng Warrant of Arrest ang NCRPO sa tatlong (3) Most Wanted ng Manila Police District, Southern Police District at Quezon City Police District mula Disyembre 6-7, 2021,**

Pinapurihan ni PMGen Vicente D Danao Jr ang mga operatiba ng Theft and Robbery, Criminal Investigation Section ng MPD sa pamumuno ni PCol Noel C. Aliño, AC, DIDMD at sa direct supervision ni PMaj Rommel S Anicete, C, CIS, sa pag-aresto sa Top 17 Most Wanted Person na kinilalang si Sharmaine Vergara y Tingson, 27 taong gulang.

Sa inisyal na isinumiteng ulat ni PBGen Leo Francisco, District Director, noong Disyembre 6,2021, nakasaad na ang mga operatiba ng Theft and Robbery Section ay napag-alamang ang nasabing akusado ay nakulong sa Navotas City Police Station Temporary Custodial Facility, Tanza, Navotas City, kung saan inilatag ang warrant sa akusado noong Marso 2, 2021.

Karagdagan pa, noong Disyembre 6, 2021, sa 95 Adelfa St. Barangay Culiat Visayas Avenue, Quezon City, ang District Intelligence Division sa pangunguna ni PLt Gilbert C. Doman, sa ilalim ng direct supervision ni PCol Levi Hope B Basilio, C, DID, MPD, kasama sina PLt Romulo Lampauog, OIC, Diplahan MPS; PLt Bryan Culis, Provincial Intelligence Team, RIU-9, PNP-IG; PCpl. Arnold Acbayan, RID-9, at PLt Marcial L. Sibal, PCP 1 Commander, PS-14, QCPD, ay nagsagawa ng manhunt operation at surveillance na nagresulta sa pag-aresto sa Top 1 Most Wanted Person ng Diplahan Sibugay, Zamboanga na kinilalang si Gilbert Baclas y Mirallosa aka Bong.

Ang akusado ay inaresto sa bisa ng Warrant of Arrest na may Criminal Case No. IM-15-0951, IM-15-0952, at IM-15-0953 na inilabas ni Hon Josefino P. Bael, Presiding Judge RTC Br. 31, Imelda Zamboanga Sibugay, walang inerekomendang piyansa.

Siya ay dinala sa SOCO para sa medical examination at matapos ay dinala sa DID para sa dokumentasyon. Pansamantalang nakakulong ang suspek sa DPIOU detention facility bago ang pagbabalik ng warrant of arrest sa korteng pinagmulan.

*sundan sa pahina 9*

# Missing person, natagpuang patay sa Davao City



**Natagpuang patay ng isang concerned citizen ang naiulat na missing person malapit sa ilog ng Davao City nitong December 5, 2021.**

Nagsasagawa ng checkpoint sa Barangay Tamayong, Calinan District, Davao City ang Revitalized-Pulis sa Barangay (R-PSB) Cluster 5 ng lumapit ang isang residente at nagreport ukol sa nadiskubre niyang patay na tao malapit sa dalampasigan.

Matapos maimpormahan ay agad namang rumesponde ang mga tauhan ng R-PSB kasama ang Calinan Police Station 10 at pinuntahan ang kinaroroonan ng biktima.

Kinilala ang biktima na si Neria Aweng ng Purok 1, Brgy Tamayong, Calinan District. Naireport ang biktima na nawawala simula pa noong Nobyembre 29, 2021 at ayon pa sa awtoridad ay "mentally-challenged person" o my problema sa pag-iisip ito.

Walang nakitang "foul play" ayon sa imbestigasyon ngunit inaalam pa ang rason ng pagkamatay ng biktima. Kasalukuyang nasa Angel Funeral Parlor ang biktima para sa disposisyon.


# Suspect for Illegal Possession of Firearms and Ammunition, timbog sa Muntinlupa

**Inanunsyo ni NCRPO Chief, PMGen Vicente D. Danao, Jr. ang matagumpay na isinagawang operasyon laban sa krimen ng mga tauhan ng Southern Police District-Muntinlupa City Police Station na nag-uwi sa pagkakasabat sa dalawang (2) firearms noong Disyembre 3, 2021 sa Southville 3, Phase 1 main Road, Poblacion, Muntinlupa City.**

Ayon sa inisyal na ulat, ang insidente ay naganap habang ang mga operatiba ng Poblacion Police Sub-Station, sa direct supervision ni PCpt Wilher Cabrales, ay nagsasagawa ng anti-criminality operation nang makita nila ang suspek na naglalakad at walang suot na face mask.

Doon ay nilapitan nila ang suspek at binigyan ng City Ordinance Violation Receipt ni Deputized Police Officer PCpl Malic Mangonday. Subalit, habang binibigyan ng ticket, napansin ng mga pulis ang nakaumbok na bagay sa kanyang beywang. Siya ay hinilingang magtaas ng shirt at nakita ang nakatagong armas.

Agarang inaresto ang suspek na kinilalang si John Leonard Pilinta y Legaspi, 21 taong gulang, walang asawa at trabaho at nakatira sa Southville 3 Block 29 Lot 12 Poblacion, Muntinlupa City.



Nakuha sa suspek ang mga ebidensya kasama ang isang (1) 22 caliber firearm na may lamang dalawang (2) live ammunitions na may engraved Black Widow; at 22 Magnum at North American AR 75 na walang serial number.

Ang suspek ay nasa kustodiya ng kapulisan habang hinahanda ang isasampang kaukulang kaso sa paglabag sa RA 10591.

"Binabati ko ang Muntinlupa City Police sa matagumpay na pagkakahuli at pagkumpiska sa mga baril na ito. Ngayong kapaskuhan, lubhang napakadelikado na ang mga ganitong baril na nasa kamay ng mga hindi awtorisadong tao lalo pa't alam natin na wala sa kanila ang inaasahang klase ng disiplina na kinakailangan sa responsableng paghawak ng baril. Isang malaking panganib sa komunidad ang ganitong mga armas at hinihimok ko po ang ating mga kababayan na magsumbong sa pulisya sakaling mayroong ganitong banta sa kanilang komunidad," hikayat ni PMGen Danao. *(NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# Top 4 Most Wanted Person ng Libungan, North Cotabato, arestado sa Pampanga

**Matagumpay na naaresto ang isang (1) 39-year-old na suspek sa pinagsamang puwersa ng San Fernando CPS, Libungan MPS, North Cotabato at Intelligence Section RMFB3 noong Disyembre 1, 2021 sa Brgy. Concepcion, Bacolor, Pampanga.**

Kinilala ang suspek na si Dugho, Aurelio Jr. y Devolgado alias "Jun-Jun" na may standing rape case at Top 4 Most Wanted Person sa Libungan, North Cotabato.

Si Dugho ay naaresto sa bisa ng Alias Warrant na inilabas ng Regional Trial Court Branch 24, Midsayap, Cotabato para sa kanyang kasong rape na walang nirekomendang piyansa.

"Ang buong kapulisan ng Gitnang Luzon kasama ang iba pang himpilan ng pulisya ay magpapatuloy sa pagpapaigting sa kampanya kontra kriminalidad at maipakulong ang mga wanted persons at lawless elements sa buong rehiyon", ani RD, PRO3 PBGen Matthew P Baccay.

# Rank 9 Most Wanted sa San Pedro City, arestado

**Iniulat ni Laguna Police Acting Provincial Director, PCol Rogarth Bulalacao Campo kay CALABARZON Regional Director, PBGen Eliseo DC Cruz, na naaresto sa isang manhunt operation ang rank no. 9 Most Wanted Person sa San Pedro City para sa krimeng theft o pagnanakaw.**

Kinilala ni PCol Campo ang akusado na si Jennifer Ibay Moises, 48 taong gulang, may asawa, housewife, tubong Maynila at residente ng Camella Homes South, Brgy. Cuyab, San Pedro City, Laguna.

Sa ulat, nalamang noong Disyembre 7, 2021 sa Brgy. Cuyab, San Pedro City, Laguna, ang warrant operatives/trackers team ng San Pedro CPS ay nagsagawa ng manhunt operation na nagresulta sa pag-aresto sa akusado.

Ang akusado ay inaresto sa bisa ng Warrant of Arrest na inilabas ni Hon. Desiree Gertrude G. Orquiola-Moldez, Assisting Judge, Metropolitan Trial Court Branch 80, Muntinlupa City, para sa krimen ng theft at may nirekomendang piyansa na Php12,000.

Ang akusado ay nasa pansamantalang kustodiya ng San Pedro CPS. *(Laguna PPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# 3 Most Wanted, timbog...

*mula sa pahina 8*

Samantala, inanunsyo rin ni PMGen Danao na naaresto ng mga operatiba ng Police Station – 4, Parañaque City, SPD ang Station's Top 2 Most Wanted Person noong Disyembre 7, 2021 sa Parañaque City Jail, Male Dormitory, BJMP, Parañaque City.

Ang mga operatiba ng Warrant and Subpoena Section sa pangunguna ni PLt Jay Joseph De Guzman, kasama ang mga operatiba ng MPD, PS – 11 Warrant and Intelligence Section na pinangunahan ni PLt Roderick Tan at operatiba ng 4th MFC RMFB na pinangunahan ni PMaj Ronilo S Aquino ay naglatag ng Warrant of Arrest sa akusadong si Wilfredo Quinivista Y Peru, 34 taong gulang para sa krimeng Robbery sa ilalim ng Criminal Case No. 5572 na inilabas ni Hon. Judge Mariam Guzon Bien ng Regional Trial Court Branch 153, Taguig City noong Disyembre 1, 2021 na may nirekomendang piyansa na Php100,000.

"Binabati ko ang ating mga kasamahan sa kanilang aksyon para madakip ang mga suspek. Ang inyong dedikasyon at kasipagan ang dahilan kung bakit patuloy na nagtatagumpay ang TEAM NCRPO sa pagsupil sa mga ganitong tao na walang takot na gumagawa ng krimen na nagdadala ng takot sa taong-bayan," pahayag ni PMGen Danao. *(NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# Mga armas at medical cache ng teroristang grupo, natuklasan ng mga alagad ng batas sa Balbalan, Kalinga

**Natuklasan ng magkasanib na mga operatiba ng Alpha Coy 50 Infantry Battalion 5th, Infantry Division; Philippine Army (PA) at mga kapulisan ng Kalinga ang isang imbakan ng kagamitang pangmedical ng mga Teroristang Grupo sa Sitio Ligayan, Balantoy, Balbalan, Kalinga noong Nobyembre 28, 2021.**

Alinsunod dito, isang residente ng Poswoy, Balbalan, Kalinga ang nagbigay ng impormasyon sa mga alagad ng batas na may nakitang Improvised Explosive Device (IED) sa isang lumang kampo na matatagpuan sa nasabing lugar.

Agad na inaksyunan ng mga operatiba ng PA at PNP ang nasabing impormasyon at nagsagawa ng joint security and combat operation na nagresulta sa pagbawi ng apat (4) na Anti-Tank Mine, tatlong (3) RG, tatlong (3) sets of anesthesia, anim (6) na pirasong syringes, tatlong (3) bandages, apat (4) na IntraVenous fluids, isang (1) dextrose hose, dalawang (2) tent, subersibong dokumento, isang (1) set surgical kit (gunting).



Ang kooperasyon mula sa ating kababayan ay isang patunay na ang mga pamayanan ay hindi sinusuportahan ang ideolohiya ng komunistang terorista. Dulot nito ay mapayapa at protektadong pamayanan.

# KLG North Abra leader and members, sinampahan ng kasong paglabag sa R.A. 9851 at R.A. 11479 ng CIDG PFU Abra

**Nagsampa ng kasong kriminal ang CIDG PFU Abra laban sa mga lider at miyembro ng Kilusang Larangang Gerilya (KLG) North Abra para sa paglabag sa R.A No. 9851 at R. A. 11479 noong Disyembre 6, 2021 sa Office of the Provincial Prosecutor, Bangued, Abra sa pangangasiwa ng duty Prosecutor Hon. Michael P. Eddiva, Associate Provincial Prosecutor.**

Ang pagsasampa ng mga nabanggit na kaso laban sa mga respondent ay nagmula sa panghaharas at pag-atake na naganap noong 10:00 ng gabi ng Disyembre 1, 2017 sa Sitio Mabongtot, Sallapadan, Abra na pinangunahan ng mga kinilalang suspek na sina Abdun Siddayao aka Abdul/Chico, Joel Banganan, Jacinto Paruden at mga nasa tamang edad na kalalakihan na residente ng Baunao, Malibcong, Abra.

Ayon sa ulat, habang huminto ang koponan ng 24th IB PA, sabay-sabay silang pinaputukan ng hindi matukoy na bilang ng mga personalidad ng Teroristang Grupo mula sa Kilusang Larangang Gerilya (KLG) North Abra na dahilan upang gumanti ng putok ang grupo na tumagal ng humigit-kumulang 10 minuto ang putukan bago umatras ang kalaban sa iba't ibang direksyon ng magubat na lugar ng Sitio Mabongtot, Sallapadan, Abra.

Bago ang insidente, nagsasagawa ng hot pursuit operation ang 24th IB PA laban sa mga umaatras na commander at miyembro ng KLG North Abra na nanghaharas at sumalakay din sa isa pang team ng 24th IB PA noong Nobyembre 27, 2017 sa Sitio Naga-asan, Brgy. Ud-udiao, Sallapadan, Abra.

Kaugnay nito, ang isang hiwalay na Criminal Complaint para sa Multiple Attempted Murder ay inihain din ng Sallapadan MPS na may NPS Docket No. I-06-INV-17L-00234 noong Disyembre 15, 2017.

# Teroristang Red Fighter, sumuko sa mga awtoridad ng Eastern Samar




**Sumuko ang isang (1) miyembro ng Teroristang Grupo sa mga kapulisan ng 2nd Eastern Samar Provincial Mobile Force Company (PMFC) sa Brgy. Buenavista, Quinapondan, Eastern Samar noong ika-2 ng Disyembre 2021.**

Ang nasabing rebelbe ay kinilalang si "Ka Ariane/Bogart", walang asawa, 23 taong gulang, isang magsasaka at residente ng Barangay San Pablo, Taft, Eastern Samar na nag-ooperate sa mga bundok ng Lawaan hanggang Borongan City at sa kalapit na mga lugar ng lungsod ng Eastern Samar.

Pagkatapos ng sunod-sunod na negosasyon at pagsusumikap ng mga tauhan ng 2nd Eastern Samar PMFC Intelligence sa pangunguna ni PLtCol Rolado C Dellezo, Acting Force Commander, kasama ang tauhan ng PIU sa pangunguna ni PLtCol Herbert Joey C Grata, Chief, PIU at PIT Eastern Samar, RIU8 personnel sa pangunguna ni PMaj Jovito Q Madriaga III, Provincial Chief, lahat sa ilalim ng pangangasiwa ni PCol Matthe L Aseo, Acting Provincial Director ng Eastern Samar Police Provincial Office, sa aktibong suporta ni PBGen Rommel Bernardo A Cabagnot, Regional Director ng PRO8, ay nahanap at nakumbinse na sumuko ang nasabing rebelde.

Si "Ka Ariane/Bogart" ay isang regular member at Red Fighter (RF) ng squad 2 sa pamumuno ni @ Barok, Platoon CO ng Apoy Platoon FC SE SRC SESAME sa ilalim ng pamumuno ni "Ka Mael/ Suyo".

Isinuko nya ang isang (1) caliber 45 pistol 1911- A1 (Springfield Armory), na may serial number 673125, isang (1) magazine assembly na may limang (5) Cal .45 live ammunitions at isang (1) riffle grenade.

"Ang hiling natin ay ang makamit ang kapayapaan at pag-unlad ng bawat Pilipino. Gusto natin na lumakad na nagkakaisang bansa sa ating paglalakbay patungo sa kapayapaan at kasaganaan." saad ni PLtCol Dellezo.

Ang nasabing rebelde ay nasa ilalim na ng kustodiya ng nasabing kompanya at sumailalim din sa medical examination, booking procedure at pagkuha ng mug shot.

Ang 2nd ESPMFC ay kasalukuyang nasa proseso na ng validation, verification at approval ng JAPIC certificate para sa entitlement of appropriate benefits.

# Granada, nasamsam sa lungsod ng Tuguegarao



**Nagsilbi ng Search Warrant ang mga operatiba ng Tuguegarao City Police Station sa pangangasiwa ng hepe na si PLtCol. Jhonalyn Q Tecbobolan sa Canaya Street, Gosi Sur, Tuguegarao City, Cagayan noong Disyembre 10, 2021.**


Nagresulta ito sa pagkadakip ng suspek na si alyas "Dindo", 52 anyos, may asawa at residente ng nabanggit na lugar.

Ayon sa inisyal na ulat, ang nasabing Search Warrant ay inisyu ni Executive Judege Jezarene C. Aquino ng RTC Branch 5 Tuguegarao City, Cagayan noong December 9, 2021 para sa kasong paglabag sa RA 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act.

Nakumpisa mula sa suspek ang isang hand grenade.

Sa kasalukuyan, nasa pangangalaga ng Tuguegarao City PS ang suspek para sa dokumentasyon at tamang disposisyon.

# Php2M shabu, nasabat at 10 suspek, arestado sa Cainta, Rizal




**Nagsagawa ng buy-bust operation ang mga operatiba ng Special Operations Unit 4A sa ilalim ng pangangasiwa ni PBGen Remus B Medina, Director ng PNP DEG kasama ang Regional Drug Enforcement Unit-National Capital Region Police Office, Cainta Police Station, at Taytay Police Station bandang 6:00 ng umaga ng Disyembre 4, 2021 na nagresulta sa pagkaaresto sa 10 suspek at pagkasabat ng mahigit Php2 milyong halaga ng shabu.**


Nakilala ang mga suspek na sina Marco Angelo Cruz Zarate aka "Marco", Twixx Regata Leyson, Angelito Labao Reyes aka "Junjun", Victor Dax Briones Jose, at Allan Baquilar Garol, na pawang mga residente ng Cainta, Rizal kasama sina Dennis Antonio Reyes, Christian Tuaño Evangelista aka "Sam", Roderick Liberato Rendal aka "Dodong", Janeth Salasibar at Marry Lou Garcia Cruz, na pawang mga residente ng Pasig City.

Ang mga nakumpiska sa nasabing operasyon ay ang humigit kumulang 300 gramo ng white crystalline substance na pinaghihinalaang shabu na may tinatayang Standard Drug Price (SDP) na Php2,040,000; isang (1) pirasong Php1000 bill na may serial number AQ226243 na ginamit bilang buy-bust money; isang (1) Honda City White na may plate number NDN 3485; at limang (5) units ng Cellular Phone.

Ang mga suspek at nakumpiskang ebidensya ay dinala sa PNP DEG Special Operation Unit 4A Office para sa dokumentasyon at tamang disposisyon habang kasong paglabag sa RA 9165 ang inihahanda laban sa kanila.

Pinuri ni PBGen Medina ang patuloy na pagsisikap ng mga operatiba na mapuksa ang mga taong patuloy na lumalabag sa batas.

# Php1.6M shabu, nasabat sa Taguig




**Sa ilalim ng pinaigting na kampaya ng NCRPO laban sa paglaganap ng iligal na droga sa Metro Manila, nagsagawa ang mga tauhan ng SPD-PS6 Taguig, SDEU sa pangunguna ni PLt Ariz A Ramos sa superbisyon ni PCol Celso M. Rodriquez, Chief of Police, ng buy-bust operation noong Disyembre 3, 2021 sa Road 17 Extension, Maguindanao St., Brgy. New Lower Bicutan Taguig City na nagresulta sa pagsabat sa higit-kumulang na 245.3 gramo ng shabu na may DDB value na Php1,668,040.**

Ang suspek ay kinilalang si Jemily Lasdon y Gampong alias Jimly. Nakumpiska sa kanya ang limang (5) piraso ng HSTPS na hinihinalang shabu na may MoL 245.3 gramo at DDB halagang Php1,668,040; isang (1) sling bag, isang (1) Php1,000 bill na ginamit na buy-bust money; at anim (6) na pirasong Php1,000 boodle money.

Kinilala ni NCRPO Director, PMGen Danao ang pagsisikap ng kanyang mga tauhan sa patuloy na pagsuporta sa kampanya ng gobyerno laban sa iligal na droga na muli at nagresulta sa pagrekober ng malaking halaga ng hinihinalang iligal na droga at pag-aresto sa isang personalidad sa droga.

“Binabati ko ang walang tigil na pagsisikap ng mga tauhan ng SPD – PS6 Taguig City Police Station sa matagumpay na buy-bust operation na nakakuha ng higit sa Php1.6M halaga ng hinihinalang shabu at pag-aresto sa suspek. Ito ay isa pa ring pagpapatunay sa ating pangako na paigtingin ang ating laban kontra iligal na droga,” saad ni PMGen Danao.

Ang nasabat na iligal na droga ay ibinigay sa forensic unit para sa confirmatory testing habang ang suspek ay dinala sa himpilan ng pulisya habang hinahanda ang kinakailangang mga dokumento sa paghahanda ng isasampang kaso sa paglabag sa Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002. *(NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# Babaeng drug personality, arestado sa Baguio City

**Arestado si Maria Cristina Gestapo Layang, 33 anyos, isang drug personality sa matagumpay na pagpapatupad ng Search Warrant na isinagawa ng magkasanib na operatiba ng Regional Special Operation Group (RSOG)/Regional Intelligence Division (RID) ng Police Regional Office Cordillera (PROCOR) sa Baguio City Police Office sa Fairview, Baguio City noong Disyembre 7, 2021.**

Nadiskubre ng mga operatiba sa tahanan ng suspek ang sampung (10) plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu na tinatayang may timbang na 5 gramo at nagkakahalaga ng Php34,000, at iba pang drug paraphernalia.

Isinagawa ang pagmamarka at imbentaryo ng mga ebidensyang natagpuan sa presensya ng suspek na sinaksihan ni Prosecutor Oliver Prudencio, Kagawad Richard Jimenez ng Brgy Fairview at Ms. Brigitte Marcasi, kinatawan ng media.

Dagdag pa, ang suspek at ang mga nakumpiskang ebidensya ay dinala sa kustodiya ng Naguilian Police Station (PS1) para sa kaukulang dokumentasyon habang inihahanda ang kasong paglabag sa Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 para sa pagsasampa laban sa kanya.

Napag-alaman sa mga lumabas na ulat na ang suspek ay dating sangkot at naaresto noong Agosto 4, 2019, para sa parehong paglabag at kabilang sa listahan ng Regional Top 10 Illegal Drug Personalities (RTTIDP) ng Police Regional Office Cordillera.


# Php700K halaga ng shabu, nasamsam sa Pampanga

**Nagsagawa ng buy-bust operation ang pinagsanib pwersa ng Regional Drug Enforcement Unit at Mabalacat City Police Station sa Madapdap Resettlement Center, Sitio Caldera, Mabalacat City, Pampanga noong Disyembre 5, 2021 na nagresulta sa pagkakaaresto ng isang drug suspek at nasamsam ang mahigit Php700,000 halaga ng hinihinalang shabu.**

Kinilala ang suspek na si Alexis Morete y Gecozo alias “Alex”, 43 taong gulang at residente ng nasabing lugar.

Narekober na ebidensya mula sa suspek ang siyam (9) na plastic sachet ng hinihinalang shabu na tinatayang may timbang na 105 gramo at nagkakahalaga ng Php714,000; isang (1) yunit ng Samsung Android cellular phone; isang (1) itim na pouch; isang (1) piraso ng Php1,000 bill bilang marked money at pitong (7) piraso ng Php1,000 bilang boodle money.

Haharap ang suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.



THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS
BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume V No. 49 * Disyembre 4-10, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# BARANGAY TANOD, PINATAYUAN NG BAHAY NG MGA KAPULISAN NG BENGUET






**Pinatayuan at binigyan ng bagong bahay na masisilungan ang pamilya ni Ginoong Risty Peralta ng San Pascual, Tuba, Benguet sa pamamagitan ng programang "Handog Pabahay" ng Benguet Police Provincial Office sa ilalim ng pamumuno ni PCOL REYNALDO PASIWEN, Police Director.**

Noong Disyembre 7 taong kasalukuyan ay pormal na itinurn-over sa pamilya Peralta ang naturang bahay na pinasinayaan ni Hon. Melchor Diclas, ang Governor ng Benguet kasama sina Hon. Clarita P Sal-ongan, Mayor, Tuba, Benguet, Benguet PPO PAGPTD members/donors at iba pang bisita.

Si Ginoong Risty ay isang Barangay Tanod samantalang ang kanyang asawa naman ay isang BHW volunteer at sila ay may tatlong anak kung saan sila ay naging kwalipikado upang maging benepisyaryo ng naturang proyekto batay sa isinagawang background at social investigation ng Benguet PPO.

Ang naturang proyekto ay matagumpay na natapos at naipatayo ng mga kapulisan ng Benguet PPO sa pamamagitan ng patuloy at walang sawang pagbibigay ng suporta at kontribusyon ng kanilang stakeholders at donors.

# Christmas tree na gawa sa sirang motorsiklo, dinarayo



**Naging sentro ng atraksyon ang Ballesteros Municipal Police Station dahil sa ginawang giant Christmas tree ng mga kapulisan sa harap ng kanilang himpilan.**

Lumabas ang pagiging malikhain ng Valley Cops sa ginawang Christmas tree na dinisenyo gamit ang sira-sirang mga motorsiklo.

Nakatawag-pansin hindi lamang sa kanilang bayan kundi sa buong lalawigan ang giant Christmas tree na may makukulay na palamuti at pinaiilawan tuwing gabi.

Ayon kay Police Major Marlo del Castillo, hepe ng Ballesteros MPS, naisip niya ang konseptong gumawa ng kakaibang Christmas tree gamit ang mga sirang motorsiklo na nakatambak sa kanilang istasyon.

Aniya, bukod sa mas mura ay nagsisilbing paalala ang Christmas tree sa mga motorista na maging maingat at maging responsable sa pagmamaneho lalo na ngayong holiday season.

Nasa 20 sirang motorsiklo ang ginamit upang mabuo ang gian Christmas tree.

Tunay na kahanga-hanga ang diskarte at abilidad. Yan ang Valley Cops!

# "Pulis na, Santa pa!" ng Antique PNP



**Naghandog ng isang maagang pamasko ang mga kapulisan ng Antique PNP, na tinawag nilang "Pulis na, Santa pa!" na sinimulan nila noong Linggo Disyembre 5, 2021 para sa mga senior citizen ng Sebaste, Antique**

Nagmistulang mga Santa Claus ang mga kapulisan ng 2nd Antique Provincial Mobile Force Company 3rd Platoon sa pangunguna ng kanilang platoon leader na si PLt Tyrone P Campingco upang magbigay saya at tulong sa mga mamamayan ng Antique sa buong buwan ng Disyembre.

Ang mga Pulis na Santa ay naghandog ng mga Christmas songs at namahagi ng mga regalo upang iparamdam sa ating mga lolo at lola ang diwa ng tradisyunal na Paskong Pilipino sa kabila ng patuloy na pananalasa ng pandemyang dulot ng COVID-19.

Naging matagumpay ang unang araw ng pagsasagawa ng nasabing aktibidad sa tulong na rin ng lokal na pamahalaan ng Sebaste. Ito'y magpapatuloy upang sa gayo'y marami pang mga lolo at lola ang maging maligaya ang pasko!

